**Pamagat**: Isang "Pattern" para sa Praktikal na Kabanalan (A Patter for Practical Sanctification)

**Bible Text**: 1 Pet. 2:1 Wherefore laying aside all malice, and all guile, and hypocrisies, and envies, and all evil speakings,

*Pagsasalin*: Kaya't talikuran na ninyo ang lahat ng kasamaan, ang lahat ng pandaraya, pagkukunwari, pagkainggit, at paninirang-puri.

**Panimula**:

1. Ang pangkalahatang mga payo sa kabanalan ay ipinagpapatuloy, mula sa pundasyon ng kaligtasan (ch.1:1-22) at ang salita ng Dios (vv.23-25).
2. Itong mga payo ay base sa kaligtasan, pagkatapos ay frutas ng kabanalan na ebidensya ng gawa ng Dios sa puso ng tao.
3. Ito ay praktikal, dahil tao ay sumasama o sumasali tayo sa gawa ng Espiritu Santo sa ating pang-araw araw na buhay.
4. Summary of the Biblical pattern: Tanggihan (Refuse); Palitan (Replace); Tanggapin (Receive).

I. **Mga Bagay na Dapat Itapon at Tanggihan (Mga Kasalanan)**:

A. (v.1) "Wherefore" – dahil dito (sa kaligtasan at sanctification at word of God).
B. (v.1) "Lay aside" – iwaksi, alisin, talikuran – itapon na parang maruming damit.
  B.1. May apurahan (urgency)
  B.2. May pagkasuya (disgust)
C. (v.1) – kasamaan, pandaraya, pagkukunwari, inggitan, paninirang-puri.
D. May iba't-ibang listahan ng kasalanan ang Bible: Example: Ten Commandments (Exo. 20); Things that proceed from the heart (Matt. 15:19); The Reprobate Mind (Rom. 1:29-30); Works of the flesh (Gal. 5:19-21).
E. At ito ay hindi completo, ito ay malawak ang saklaw ng kasalanan o iba't-iba pa na hindi binananggit.
F. Ang mga ito ay magiging sagabal sa buhay Christiano kung hindi ito itatapon!
G. Hindi exempt ang Christiano sa tukso, kaya't minabuti ni Pedro na bigyan tayo ng babala at payo.

II. **Ang Prisipyo ng Pagpapalit**.

A. Matt. 6:19-20 – huwag kayong magtipon….kundi magtipon kayo.
B. Eph. 4:22-24 - alisin ninyo ang dating paraan ng inyong pamumuhay, ang dating pagkatao na pinasama sa pamamagitan ng mapandayang pagnanasa, (v.23) at magbago sa espiritu ng inyong pag-iisip, (v.24) at kayo'y magbihis ng bagong pagkatao, na nilalang ayon sa wangis ng Diyos, sa katuwiran at kabanalan ng katotohanan.
C. Pag-aralan ito at i-appply.

III. **Ang Dapat na Tanggapin: Ang Salita ng Dios**

A. (v.2) Mithiin, Nasain, Manabik sa purong salita ng Dios – katulad ng isang bagong isinilang na sanggol.
B. (v.2) Ito ay instrumento ng paglago natin sa pananampalataya.
C. Nagpapalusog at Nagpapalakas ang Salita ng Dios.
D. Ang salita ng Dios ay ang dakilang instrumento ng grasya ng Dios. Kung nais mo na maging dakila ang karanasan mo sa grasya ng Dios, naisin mo sa buhay mo ang salita ng Dios.

**Katapusan**:

1. (v.3) – ito ay dahil natikman natin (o naranasan natin) ang grasya ng Panginoon. (sa salvation experience natin).
2. Sa buhay ni Pedro naging sagabal sa kanyang buhay ay pagkukunwari. (Gal. 2:11)
3. Tinanggap ni Pedro ang rebuke ni Paulo at nanumbalik siya sa Panginoon.
4. Maaring may mga kasalanan sa buhay mo na alam mo na ito ay sagabal sa kabanalan ng Dios. Natikman mo ang grasya ng Panginoon, ngayon gamitin mo ang grasya ng Panginoon para lipulin ang mga kasalanang ito sa buhay mo, at mag-pakita ng grasya sa iba upang sila rin ay makatikim ng grasya ng Panginoon.